

KWF Buwan ng Wika 2021 Panayam Dr Dexter Cayanes

Pangkalahatang Tema ng KWF: Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino

Paksain ng Panayam/Papel: Wikang Katutubo: Wika ng Lahi, Wika ng mga Bayani

***“Tawid-Diwa sa Katutubong Kabayanihang Ugnay sa Wika ng Lahing Pilipino”
Ni Dr. Dexter B. Cayanes
Unibersidad ng Pilipinas Los Banos***

Panimula

Esensyal ang mga Katutubong Wika upang sumulong ang Bayan. Mula sa pragmatikong sipat, ang mga Katutubong Wika ang angkop na daluyan ng malinaw na artikulasyon ng mga batayan ng isang matatag na pagkakaisa/kaisahang pambansa. Ang pagkakaisa/kaisahang ito ay mahalagang pundasyon sa pagsusulong ng mga layunin at mithiin tungo sa pagkamit ng pambansang kaunlaran at tunay na kapayapaan.

Mahalaga rin ang Katutubong Wika sa paghubog ng isang malinaw at matatag na pagkakilanlan/identidad. Para sa isang indibidwal, mahalaga ito upang makaramdam siya ng pagiging kabahagi ng isang tiyak na komunidad/pangkat-etniko na may maipagmamalaking kakanyahan at marangal na kasaysayan. Marahil ito ang ugat kung bakit madalas ay magkatulad/magkalapit lamang ang bansag ng pangkat-etniko o grupo ng mga tao at ang pangalan ng kanilang wika.

Susi ang wika sa paghubog ng kamalayan. Kung kaya masasabi ring ang Katutubong Wika ay susi sa paghubog ng katutubong kamalayan na siyang matatag na pundasyon sa proseso ng pagkatuto ng isang indibidwal. Sa larangan ng edukasyon sa

ating bansa, binigyang-diin ang kahalagahan ng bagay na ito sa pamamagitan ng institusyunalisasyon ng Mother Tongue Based - Multilingual Education (MTB-MLE).

Mula kay Lapulapu hanggang kay Gat Andres Bonifacio, mahalaga ang papel na ginampanan ng mga Katutubong Wika sa pagpukaw sa damdaming makabayan ng sambayanan upang labanan ang pananakop ng mga dayuhan. Katutubong Wika rin ang ginamit ni Sultan Kudarat sa kanyang makasaysayang talumpati sa Lawa ng Lanao upang himukin ang mga Maranao na labanan ang mga Kastila. Upang pukawin ang diwang mapanghimagsik, Katutubong Wika rin ang ginamit ng pahayagang *Kalayaan* ng kilusang Katipunan na itinatag sa pamumuno ni Gat Andres Bonifacio. Malaki rin ang posibilidad na mga Katutubong Wika ang naging daluyan ng mga panawagan ng paghihimagsik ng mga katutubong bayaning gaya nina Tamblot, Tapar, Dahogoy, Malong, Magat Salamat, Sumuroy at iba pa.

Kapansinpansin ang mahalagang papel na ginampanan ng mga Katutubong Wika sa pagsusulong ng himagsikang Pilipino laban sa kolonyalismo. Maaaring sabihin na ang mga Katutubong Wika ay katuwang ng mga bayaning Pilipino sa pakikibaka upang makamtan ang kalayaan. Naging mahalagang instrumento ang mga Katutubong Wika upang madaling maunawaan ng mga mamamayan ang mga layunin ng himagsikan at ang pangangailangang lumahok sila sa mas malawak na pagkilos ng sambayanan. Sa kanyang artikulong *Ang Rebolusyon 1896 sa Imahinasyong Pampanitikang Ilonggo*, inilahad ni Lucero (2007, pp. 61-71) kung paano ginamit ang wikang Hiligaynon sa pagsusulong ng pambansang kalayaan.

Kahit sa kasalukuyang panahon, nananatiling mahalaga ang mga Katutubong Wika lalo na sa pagsisikap na maseguro ang ating pambansang surbaybal. Para nga sa

mga naniniwalang hindi pa natatapos ang laban ng Rebolusyong 1896, patuloy na binibigyang halaga ang paggamit ng mga Katutubong Wika sa pagpapalaganap ng kanilang mga adhikain.

Sa kasalukuyan, lumitaw naman ang malaking pangangailangan na maglunsad ng malawakan at malalimang proseso ng dekolonisasyon sa mga bansang kagaya ng Pilipinas na dumaan sa kolonisasyon. Kailangang maunawaan na ang dekolonisasyon ay isang proseso ng pagpapalaya ng kamalayan. At sa prosesong ito, pangunahin ang papel na ginagampanan ng mga Katutubong Wika. Sa pamamagitan ng mga Katutubong Wika, maaari nating matuklasang muli ang bisa at galing ng katutubong kamalayan sa pagsusulong ng mapagpalayang mga kaisipan para sa kapakanan ng sambayanang Pilipino. Ayon pa nga kay Quito (1987, p.174), wika ang instrumento upang “tayo ay magbabalik sa mga ugat, sa pinakamalalim na adhikaing namamayani sa ating bansa”. Para sa kanya, mahalaga ang sariling wika sa pagpapalakas ng pambansang damdamin at kamalayan.

Mula sa ating mga epiko (na nasusulat sa mga Wikang Katutubo), kapansinpinsin ang katutubong kamalayan sa kilos at gawi ng mga **bayani ng epiko**. Maaaring sabihin na ang pagkahubog ng katauhan ng mga bayani ng epiko ay naging ganap lamang sa pamamagitan ng mga Katutubong Wika. Ang kanyang Katutubong Wika ang isa sa mga matibay na batayan ng pagkakaugnay sa bayani sa kanyang bayan. Ang Wikang Katutubo ang wika ng bayan. **Ang wika ng bayan ang siya ring wika ng bayani**. Kung gayon, ang pag-iral ng bayani ay mahigpit na kaugnay sa kanyang bayan at sa Wikang Katutubo ng kanyang bayan.

Sa papel na ito, may apat na mahahalagang tesis na sisiyasatin. **Una, taglay ng bayan ang mayamang Wikang Katutubo na sinasalamín ang buhay na kalinangan ng ating lahi. Ikalawa, ang diwa ng pagiging bayani ay bahagi ng ating katutubong identidad. Ikatlo, mahalaga ang pagpupugay sa mga bayaning nagmulat at humubog ng ating Pambansang Kamalayan sa Mapagpalayang daloy ng ating Kontemporaryong Kasaysayan. At ikaapat, taglay ang kabayanihan ng katutubong kalinangan at panitikan sa kasalukuyan ang yaman ng ating nakalipas gayundin ang artikulasyon sa pamamagitan ng katutubong wika; ang kasalukuyang pakikibaka natin bilang isang sambayanan mula sa kongkretong mga ambag na matatagpuan mula sa mga rehiyon.**

Ang mga Katutubong Wika sa Pagharaya ng Bayan at Bayani

Bahagi ng pagpapayamang intelektuwal at produksyon ng kaalaman ng lipunang katutubo ang oral na tradisyon. **Sa pagpapalaganap naman ng oral na tradisyon, hindi matatawaran ang papel na ginagampanan ng mga Katutubong Wika.** Kadalasan, ang oral na tradisyon, na maituturing na bahagi ng *folklore*, ay dumadaloy sa angkan ng mga datu/baylan/bae o kaya naman ay sa mga umuusbong na organikong intelektuwal ng mga lipunang katutubo. Ayon pa nga sa isang pag-aaral na pinamagatang *Prospects of Folkloristic Research in Eastern Bisayas* (Kuizon, 1973):

Mamamangha ka sa folklore kapag napagtanto mo na kinakatawan nito ang “karunungan ng lahi,” na sinasalamín nito ang mga paniniwala, mithiin, pagpapahalaga, pamantayang estetitiko, at mga saloobin ng bayan... (*akin ang salin*)

Ang oral na tradisyon ng mga katutubong Pilipino ay saganang balon ng katutubong kamalayan na pamana pa mula sa ating mga ninuno. **Mula sa iba't ibang mga epiko na orihinal na inawit/binigkas sa mga Katutubong Wika, mahihinuha ang bisa at galing ng katutubong kamalayan na daladala ng mga bayani ng mga epiko sa kanilang mga pakikipagsapalaran.** Mahihinuha mula sa mga epikong ito ang mahigpit na pagkakaugnay ng 'bayani' sa kanyang 'bayan'. Ayon kay Cayanes (2006):

Kung gayon, kung taal sa mga katutubo ang salitang "bayani," taal din ang konsepto ng "bayan." Sapagkat sa katutubong imahinasyon, ang pangunahing tungkulin ng bayani ay ipagtanggol ang bayan. Ibig sabihin, hindi maaaring umiral ang bayani kung wala ang bayan dahil ang pag-iral ng bayani ay nakakabit sa pagtatanggol sa bayan.

Ang unang pangungusap ng pahayag na ito ay nakaangkla sa pananaw ni Salazar na nagsabing taal na konseptong katutubo ang salitang bayani. Ang mga sumunod na pangungusap naman sa pahayag na sinipi ay nakabatay sa pagbasa sa mga epikong Labaw Donggon, Sandayo, at Agyu. Dapat tandaan na ang mga epikong ito ay orihinal na inawit/binigkas sa mga Katutubong Wika.

Mahalaga kung gayon ang papel na ginagampanan ng mga Katutubong Wika sa pagbibigay kahulugan sa mga konseptong bayan at bayani. Mula sa pakahulugan ni Panganiban (1972), ang konsepto ng 'bayan' ay sumasaklaw sa lugar, tao at teritoryo. Hindi ito nalalayo sa konsepto ng *banwa/banwa/ili/inged/banwaan* na ipinagtatanggol o kaya'y itinatatag ng bayani ng epiko.

Sa pamamagitan ng mga Katutubong Wika, malinaw na naipapahayag sa mga epiko ang mga katutubong kamalayan na mahalaga kapwa sa bayan at sa bayani. Ayon pa nga sa pag-aaral ni Demetrio (1986), may mga pantaong pagpapahalaga (human

values) na matututunan mula sa mga epiko. Kabilang sa mga pagpapahalagang ito ang paggalang sa kapwa, paggalang sa nakatatanda, pagpapahalaga sa ibang tao, katarungan, paghanga sa magagandang katangian kahit sa kaaway at pananampalataya sa mga Transendental/Makapangyarihang mga nilalang.

Kung tutuusin, gamit ang mga Katutubong Wika, binibigyang-diin ng mga epiko ang mahahalagang bagay sa **pagbubuo ng isang matatag na identidad**. Bilang daluyan/midyum/instrumento sa artikulasyon ng mga ideya/konsepto, mahalaga ang mga Katutubong Wika sa pagpapahayag/paghahayag ng katutubong kamalayan kung saan dapat nakaangkla ang identidad ng indibidwal. **Sentral na layunin ng epiko kung gayon ang pagbubuo ng identidad sa tulong Katutubong Wika**. Ayon pa nga kina Goody at Watt (1968, sa sipi ni Wrigglesworth 1984, p.222):

“... ang pinakamakabuluhang mga elemento ng anumang kultura ng tao ay walang dudang pinadadaloy sa pamamagitan ng mga salita, at nananahan sa isang partikular na saklaw ng mga kahulugan at pag-uugali kung saan ikinakabit ng mga miyembro ng alinmang lipunan ang kanilang mga verbal na mga sagisag. Kabilang sa mga elementong ito hindi lamang ang madalas nating maisip na mga nakaugaliang mga gawi kundi pati na rin ang mga bagay na gaya ng mga ideya ng espasyo at panahon, pangkalahatang mga layunin at adhikain, sa madaling salita ang weltanschauung ng bawat grupong sosyal. Sa mga salita ni Durkheim, ang mga kategoryang ito ng pag-unawa ay ‘walang katumbas na mga instrumento ng pag-iisip na matiyagang pinanday ng mga grupo ng tao sa loob ng mga dantaon at kung saan inipon nila ang pinakamahuhusay sa kanilang intelektuwal na kapital’. Ang relatibong pagpapatuloy ng mga kategoryang ito ng pag-unawa ay pangunahing tinitiyak ng wika, na siyang pinakadirekta at komprehensibong ekspresyon/pagpapahayag ng karanasang sosyal ng grupo.”
(*akin ang salin*)

Ang mga paglalakbay kung gayon ng mga bayani ng epiko ay isang proseso lamang ng pagkilala sa sarili at pagkilala sa sariling bayan. Ito malamang ang lunsaran pahayag ni Sandayo kung bakit kailangan maglakbay ang datu. Sa Banna ng Ullalim ng Kalinga, malinaw na inudyukan ni Dinnanayan ang kanyang anak na si Banna upang “buuin niya ang kanyang sarili”(NCCA PCEP, 2017, p.48). Sa Hudhud ni Aliguyon

naman, ang digmaan ang naging tulay upang magkakilanlang mabuti sina Aliguyon at Pumbakhayon na nauwi sa isang matatag na alyansa sa pagitan ng Hannanga at Daligdigan. Nagkamalay naman si Tuwaang sa mas malawak na lipunan nang dumalo siya sa isang kasalan. Si Agyu naman ay laging isinasaalang-alang ang kapanakan ng buong banuwa. Sa Hinilawod, pinagdusahan ni Humadapnon ang kanyang pagsuway sa payo ng kanyang mga magulang at mga kapatid. Sa Ibalon, magkatulong namang lilipulin nina Handiong, Baltog at Oryol ang mababangis na halimaw upang makapagtayo ng mga pamayanan sa rehiyon ng Bikol. Samantala, ang kuwento naman nina Nagmalitong Yawa ng Hinilawod at Tabagka ng Agyu ay nagsasalaysay ng kapwa mahuhusay na mga babaeng mandirigma.

Sadyang mayamang balon ng karanasang katutubo ang mahihinuha mula sa mga epikong iniluwal ng mga Katutubong Wika. Sa mayamang karanasang ito na itinala ng oral na tradisyon sa pamamagitan ng mga Katutubong Wika, maraming mga aral at pagpapahalaga na angkop pa rin sa kasalukuyang panahon. Sa Hudhud ni Aliguyon, mahihinuha ang mataas na pagpapahalaga ng mga katutubong Ifugao sa pagkamit ng kapayapaan at kaunlaran. Sa Labaw Donggon at sa Hinilawod, mahihinuha naman ang mataas na pagpapahalaga ng mga katutubo sa mga kababaihan at pagkilala sa kanilang natatanging mga kakayahan. Sa Agyu mahihinuha ang pagmamalasakit ng namumuno para sa kanyang nasasakupan. Sa Tuwaang mahihinuha na dapat maging mapagkumbaba subalit hindi dapat mangayupapa. Sa Sandayo, mahihinuha naman ang kahalagahan ng karanasan sa paghubog ng isang pinuno.

Sa konteksto ng pre-kolonyal na mga lipunang katutubo, isang mabisang instrumento ang Katutubong Wika sa pagtitiyak na mapatatag ang identidad ng

kanilang sariling bayan/banwa/ili/inged/banwaan. Ito rin marahil ang pangunahing mekanismo upang matiyak nila na maipamana ang kanilang mga tradisyon at kaugalian. Dagdag na rito ang pagpapamana ng kanilang kasaysayan. Ang layuning ito ay sinusuhayan naman ng pananaw ni Castro (1984, p.1):

...mahalaga ang mga epiko di lamang bilang panitikan; ang mga ito'y makabuluhang dokumento rin ng ating lipunan bago pa dumating ang pananampalatayang Muslim at Kristyano. May maidadagdag sila sa kakaunting tiyak na kaalaman natin tungkol sa sinaunang panahon ng pambansang kasaysayan. (akin ang salungguhit)

Malinaw mula sa pahayag ang pagkilala sa halagang pangkasaysayan ng mga epiko lalo na sa 'rekonstruksiyon ng kasaysayang pangkultura' (Kuizon, 1973). Kung gayon, maaaring gamitin ang mga epiko upang palitawin ang mga konsepto/ideyang may kaugnayan sa katutubong kamalayan sa panahong pre-kolonyal gamit ang mga Katutubong Wika. Sa pamamagitan nito, magiging mas malawak at mas malalim ang ating pagkilala sa ating identidad at lalo pa itong mapatatag.

Himagsikang 1896 at Dekolonisasyon

Bago pa dumating ang 1896, may mahahalagang pangyayari na naging mitsa sa pagsiklab ng himagsikan. Maliban pa sa kabiguan ng kilusang propaganda, ang mga kalabisan ng kolonyalismong Espanyol ang nagbunsod upang mapukaw ang mamamayan ng kapuluan sa pangangailangang ipagtanggol ang kanilang lupang tinubuan. Isa sa mga kalabisang ginawa ng mga Espanyol ay ang pagbitay sa tatlong paring martir na pinagbintangang kasabwat sa isang pag-aaklas sa Cavite. Ang pagbitay sa tatlong pari ay nagkaroon naman ng malaking impluwensiya sa

pagkahubog ng kamalayan at damdaming makabayan. Ayon pa kay Lumbera (1986, p.138):

The execution of Jose A. Burgos, along with two other native priests, for alleged complicity with the Cavite Mutiny in 1872 served as a rallying point for a nationalist movement which, in 1881, was beginning to worry the Spaniards.

Sadyang malaki ang impluwensiya ng pagbitay sa tatlong paring martir sa pagkahubog ng diwang makabayan ng mga Pilipino. Sa katunayan, isa ito sa mga pangyayaring tumatak sa isipan ng pambansang bayani na si Jose Rizal kaya nga inialay niya ang El Filibusterismo para sa tatlong paring martir. Marahil, ang tatlong paring martir din ang isa sa mga nagbigay inspirasyon kay Rizal kung kaya walang takot niyang hinarap ang kamatayan sa Bagumbayan.

Ngunit bago pa maging martir si Rizal, napagtanto na ng ilang mga Pilipino na kailangan ang armadong pakikibaka upang lansagin ang kolonyalismong Espanyol sa Pilipinas. Nakakatawag-pansin na ang paghuli ng mga Kastila kay Rizal ang maging mitsa sa pagkakatatag ng Katipunan. Sa kanyang aklat na Brains of the Nation, sinabi ni Mojares (2006, p.464) na:

Sa gabi na inaresto si Rizal, Hulyo 7, 1892, itinatag ni Andres Bonifacio, isang kasapi ng La Liga, at ng iba pa ang Kataastaasan Kagalang-galang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan, isang lihim na samahan na naglalayong pagkaisahin ang mga Pilipino upang maglunsad ng rebolusyon para sa kalayaan ng Pilipinas. *(akin ang salin)*

Gamit ang sistemang tatsulok sa pagkalap ng mga miyembro, mabilis na lumago ang Katipunan. Malamang dahil handa na ang mamamayan, madaling sumibol sa kanila ang damdaming makabayan kaya nakilahok sila sa mga gawain ng lihim na kilusan. Subalit sa gitna ng pag-iingat ng mga kasapi at kapanalig ng Katipunan, hindi

pa rin naiwasan na ito ay mabunyag. Ang pagkabunyag naman ng Katipunan ang naging hudyat sa pagsiklab ng Himagsikang 1896. Ayon pa kay Mojares (1986, p.466):

The discovery of the Katipunan by the authorities on August 19, 1896, precipitated the start of the insurrection. Hostilities quickly spread such that, on August 30, the governor-general declared a state of war in eight Luzon provinces (Manila, Cavite, Laguna, Batangas, Bulacan, Pampanga, Nueva Ecija, and Tarlac). Rizal's execution on December 30, 1896 further inflamed the colony.

Sinasagisag ng Himagsikang 1896 ang rurok ng pagkasuklam ng mga mamamayang Pilipino sa mahigit 333 taong pananakop ng kolonyalismong Espanyol. Maaaring sipatin ang himagsikang ito bilang paunang paglulunsad ng dekolonisasyon upang balikang muli o di kaya'y linawin ang taal na identidad ng mga Pilipino. **Sapagkat sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol, garapalang binura ang katutubong identidad. At sa prosesong ito ng pagbura, sadyang marami ang nawala sa mga Pilipino.** Sa kanyang pagsuri sa tradisyon ng panulaang Tagalog, binigyang-diin ni Lumbera (1986, p.21) **ang paglaho ng pamatbat**, isang anyo ng tulaang inaawit:

It is one of the greatest losses of Tagalog poetry that not one example of the *pamatbat* had been preserved. The loss is a price the Tagalog people had to pay for their willingness to be resettled from their isolated communities into the towns where they lived under the vigilant care of zealous missionaries. These missionaries had come to Christianize the natives, and for them, their holy task was to eradicate, when they could not transfigure, whatever traces of paganism stood in the way of evangelization.

Bilang isa ring proseso ng dekolonisasyon, ang paglulunsad ng himagsikan ay pagkilala rin na may sariling kalinangan na pinag-uugatan ang mga Pilipino. Ayon pa nga kay Quito (1985, p.2), bago pa ang kolonyalismong Espanyol ay may kalinangan nang matatawag ang Pilipinas. Bagay ito na mapapagitaw kapag nagtagumpay ang **dekolonisasyon na ang unang hakbang ayon kay Quito (1987) ay ang pagtataguyod ng sariling wika.**

TAWID-DIWA ng Rebolusyong 1896 /1899 Digmaang Pilipino-Amerikano: Diskurso at Aral ng Kasaysayan

Sa dulo ng 1890's at sa bukana ng 1900s dalawang magkasunod na digmaang inilunsad ng mga Pilipino ang naganap. Ito ang Rebolusyong 1896 na pinamunuan ni Gat Andres Bonifacio laban sa mga Kastila at ang Himagsikang 1898 sa pamunuan ni Emilio Aguinaldo laban sa Imperyalismong Amerikano.

Ano ang diskursong pangwika na pamana ng dalawang digmaang ito?

Kapansinpansin ang mahalagang papel na ginampanan ng mga Katutubong Wika sa mga panahon bago at habang kasagsagan ng Rebolusyong 1896. **Sa paggigiit ng kalayaan, naging tampok ang mga Katutubong Wika sa pagpukaw sa damdaming makabayan.** May mahahalagang mga konsepto ang sumulpot sa pagkamulat at asersyon ng Paglaya. At ito ang mga ideya ng Katwiran, Kalayaan, at Katarungan.

Higit sa "Reason" sa Ingles ang Katwiran na may salitang ugat na "Tuwid" laban sa Baluktot na pananaw na masama sa ating mga Pilipino. Ibinabalik ng Katwiran ang Katinuan na nawalay sa bayan dahil sa kawalan ng Liwanag. Lilinawin ito ng katanungan sa mga sumasapi sa Katipunan tungkol sa metapora ng Liwanag at Dilim. Hindi ba malinaw itong inilalarawan ng ritwal ng pagsapi sa Katipunan? Sinasabi na ang pre-kolonyal na kasaysayan natin ay puno tayo ng Liwanag subalit sa pagkakasakop sa atin ay lumambong ang kadiliman kung kaya't kinakailangan na maibalik sa Kaliwanagan. At papaano mapanumbalik ang Kaliwanagan?

Para sa ilang mga repormistang propagandista, ito ay sa pamamagitan ng paghingi ng pagkilala mula sa kanilang “Inang Espanya”. Subalit sa kanyang tulang Katapusang Hibik ng Pilipinas, malinaw na itinakwil ni Bonifacio ang “Inang Espanya” sa mga katagang “*iisa ang puso nitong Pilipinas/ at ikaw ay di na Ina naming lahat*”. Ang Kaliwanagan kung gayon ay magmumula sa pagsindi ng sariling ilaw upang makamit ang Kalayaan mula sa gapos ng kadiliman. At ang nasabing ilaw ay ang katutubong kamalayan na magliliwanag lamang sa pamamagitan ng mga Katutubong Wika. Marahil ito ang dahilan kung bakit kapansinpansin ang paglabas ng mga manunulat na gumamit ng mga Wikang Katutubo.

Sina Isabelo de los Reyes at Marcelo H. del Pilar ang matinkad na halimbawa sa mga manunulat na gumamit ng sariling wika upang maabot ang mas malawak na mamamayan. Sa kanyang talambuhay kay Isabelo de los Reyes, sinabi ni Mojares (2006, p. 332) na:

Isabelo pioneered in Iloko literature. He promoted the use of a new Iloko orthography, preserved and popularized the epic poem Lam-ang, translated foreign poetry, and wrote fiction and verse in Iloko, Tagalog, and Spanish.

Kapansinpansin ang pagtatampok ni Isabelo de los Reyes ng panitikang

Iloko. Sa bahagi naman ni del Pilar, ginamit niya ang wikang Tagalog sa mga popular na anyong pampanitikan at panitikang panrelihiyon. Ayon pa kay Mojares (2006, p.455):

Del Pilar wrote in Tagalog and addressed Filipinos in a manner the likes of Rizal, Paterno, and Pardo did not. He carried folk genres (duplo, dalit) and colonial religious forms (catecismo, pasyon) beyond what Baltazar and de la Merced attempted with these genres by deploying them for overtly political ends. Mining familial sentiments and indigenous antiphonal poetry in *Sagot nang Espana sa Hibik nang Filipinas*, del Pilar expresses political ideas hitherto unheard in this type of poetry.

Mahihinuha ang pagiging malikhain at mapamaraan ni del Pilar sa kanyang mga akda. Sa kanyang pagsusuri sa panulaang Tagalog, kinilala ni Lumbera (1986) si del Pilar bilang isang makatang Tagalog na binsansagan niyang “expert improviser” ng oral na tradisyon. Dagdag pa ni Lumbera (1986, p.140):

Del Pilar, on the other hand, wanted to create in the masses an incentive to protest against the abuses of the colonial rule. Accordingly, he sought out the popular literary forms of the period and used them to embody his attitudes and feelings, knowing that only by a return to the folk tradition could poetry be made to serve political ends.

Sadyang mahalaga ang mga pagsisikap ng mga kagaya nina del Pilar at de los Reyes sa paggamit ng sariling wika lalo na sapagkat sa panahong iyon kahit ang wikang Tagalog at iba pang Katutubong Wika ay kinokolonya na ng mga Kastila. Gamit ang kanilang impluwensiya, sineguro ng mga prayleng Kastila na maipasok sa leksikon ng wikang Tagalog ang mga terminong pinanatiling walang salin. Itinali nila ang pagsasalin at kumbersyon ng mga katutubo tungo sa Kristiyanismo. Ayon pa kay Rafael (2005, p.121):

The Tagalog appropriation of untranslatable Christian terms - in a sense, their translation was predicated, as I have argued, on a certain anxiety about the success or failure of localizing the outside forces of colonial rule. In this case, translation and conversion were inseparable from the wish to contract colonialism in the double sense of circumscribing its reach and regularizing one's dealings with it.

Ang atake sa wikang ito ay sistematiko at naglalayong dominahin ang mga Katutubong Wika na itinuturing bilang bernakular. Ayon kay Rafael (2005, p.28), ang Tagalog ay dumaan sa rekonstraksyon ayon sa wikang Latin subalit ginawa ito sa pamamagitan ng wikang Kastila. Kung kaya, sa gitna ng ganitong kalagayan, sadyang mahalaga ang ambag ng mga kagaya nina de los Reyes at del Pilar. Sa mga kagaya

naman nina Bonifacio na nakalubog sa masang mamamayan, ang paggamit ng sariling wika ay sadyang kailangan sa pagtangan ng Kaliwanagan.

Subalit mauunsiyami ang tagumpay ng Himagsikang 1896 dahil sa opurtunismo at pagtraydor ng mga Amerikano. Tila ba inalipusta ng Mock Battle of Manila Bay ang matagal na mithiin ng sambayanan na makamtan ang Katarungan. Ano nga ba ang nangyari sa sarili, sa bayan na naghahangad ng “Katarungan”?

Muli, naging daluyan ng artikulasyon ng mithiing kalayaan ng sambayanan ang mga Katutubong Wika. Sa kanyang artikulong **Ang Rebolusyong 1896 sa Imahinasyong Pampanitikang Ilonggo 1898-1920, ito ang pahayag ni Lucero (2007, p.62):**

Sa mga unang dekada ng panahon ng pananakop ng mga Amerikano, sinikap ng mga makabayang manunulat ng Pilipinas na panatilihin ang diwang rebolusyunaryo ng 1896. Hindi pa halos natatamasa ng mga Pilipino ang kalayaan mula sa Espanya nang bawiin ito ng Amerika. Kinailangan ng mga Pilipino ng pampatibay ng loob at ng paraan ng pagpapahayag ng kanilang protesta laban sa imperyalismong Amerikano. **Sa ganitong kalagayan isinilang ang makabayang panitikan nang 1898-1920.**

Sa kanilang pagharap sa bagong mananakop, tila ba natuto ang mga makabayang manunulat sa halimbawa ni del Pilar. Naging malikhain at mapamaraan din sila sa kanilang mga sulatin. Ayon pa kay Lucero (2007, p.63):

Ginamit ng mga makabayang manunulat ang tradisyong romance ng Europa at ang mga anyong panrelihiyon, tulad ng nobena, pananglet, pasyon, at loa, upang ipahayag ang kanilang damdaming pampulitika.

Naging aktibo rin sa panahong ito ang mga manunulat na Cebuano. Sa panahong ito naging uso pa rin ang **linambay o komedya**. Sa kanyang pag-aaral hinggil sa tinakbo ng kasaysayan ng isang rural na pamayanang Cebuano, binigyang-diin ni **Mojares (2000) na sumulpot at namayagpag ang linambay sa panahon ng**

matinding “social stress” na kinabibilangan ng rebolusyong anti-Espanyol at ng pananakop ng mga Amerikano at ang digmaan laban sa mga ito. Sa panahong ito rin sumulpot ang mga maikling kuwentong Cebuano ni Vicente Sotto (Lucero, 2007) na isa sa mga panguhing tema ay ang patriotismo.

Mula sa mga nailahad, mauunawaan natin na hindi naging madali ang daan sa pagkamit ng kalayaan. Kung kaya’t kinakailangan nating pahalagahan ang tinatamasa nating demokrasya sa kasalukuyan. Kung kinakailangang magsalita laban sa kabuktutan, sa liko-likong landas na naghahatid sa ibang kababayan natin sa kanilang pagkapariwara: Tungkulin natin na ituwid ito. At ano ang paraan kundi sa pagwiwika natin sa Filipino ng bagay na Ibig natin tulad ng Kalayaan, Katarungan at Katwiran upang tayo ay ganap na umunlad at manatiling Nagsasarili.

Dekada '70: Pagbabanyuhay- Mula sa Tradisyon ng Baylan hanggang sa Katutubong Manunulat-Intelektuwal

Dekolonisasyon at Intelektuwalisasyon

Malaki ang papel na ginagampanan ng mga intelektuwal sa proseso ng dekolonisasyon. Sa pagpapagitaw ng katutubong kamalayan, sinaliksik ng mga iskolar sa pilosopiya ang mga termino/salita mula sa mga Katutubong Wika ng bansa. Isa sa mga mananaliksik/iskolar na ito si Fr. Leonardo Mercado na nagsikap na tukuyin ang pilosopiya ng “Loob”. Ayon pa kay de leon (2019, p.167):

“Ang pag-aaral ni Mercado hinggil sa pilosopiya ng “loob” ay masasabing nag-udyok ng marami pang pag-aaral hinggil sa nasabing konsepto (Ysaac,1997). Nariyan halimbawa sina de Mesa (1981), Miranda (1989), at Alejo (1990). Ang salitang Tagalog na “loob” ay inihambing ni Mercado sa salitang Sebvano na “buot” at salitang Ilokano na “nakem.” Ang mga salitang “loob,” “buot,” at “nakem,” ayon kay Mercado, ay mayroong nuance na may kaugnayan sa

aspektong intelektuwal, bolsyunal, emosyonal, at etikal.(Essays on Filipino Philosophy 167).”

Sa kanyang papel na Reflections on Buut-Loob-Nakem, masinop at matiyagang pinagmunihan ni Mercado (1972) ang malalim na kahulugan ng mga salitang Buut, Loob, at Nakem. Salitang Cebuano/Bisaya ang Buut. Tagalog naman ang Loob. At Ilokano naman ang Nakem. Gamit ang apat mga aspektong intelektuwal, bolisyunal, emosyonal at etikal, pinagkumpara niya ang mga salita/terminong ito. Mula rito, nasabi niya (Mercado, 1972, p. 596) na:

Loob then has much to do with the Filipino's notion of selfhood. One often hears the saying: "Better to die than to suffer insult." This can be formulated in various ways but the meaning remains: The Filipino's sensitivity even to slight insults. That Americans openly exchange insults in quarrels but are reconciled afterwards as if nothing happened at all is a surprise for not a few Filipinos to witness. The Filipino may forgive an insult but he carries the wounds for a long time. That is why when Filipinos disagree, they would prefer to use intermediaries or exchange indirect remarks rather than to be frank with each other.

Mula sa pahayag na ito ni Mercado, maaaring sipatin kung ganoon ang pasya ni Rizal na harapin nang buong tapang ang kanyang kamatayan. Buo ang kanyang “Loob” sapagkat mas mabuti pang mamatay kaysa sa magdusa sa pang-aalipusta ng Kastila. At habang iniluklok na ng sambayanang Pilipino si Rizal sa pedestal ng kadakilaan, patuloy pa rin itong nagdurusa sa mga sugat ng kahapon na hanggang ngayon ay hindi naghihilom. Kung kaya nga, mahalaga ang patuloy na dekolonisasyon upang magamot ang mga sugat na ito.

Balik sa pag-aaral ni Mercado, napagmunihan niya na kailangan ang mas masaklaw na konsepto para sa iba't ibang aspekto ng loob. Aniya (Mercado, 1972, pp.597-598):

The manifold aspects of loob require a bigger concept which embraces all meanings listed in the first four figures. That bigger concept would be self as viewed from within. While it is true that there are other words for 'self' (sarili, kaugalingon, met laeng), these expressions are superficial and do not express the essence of the Filipino. Loob would therefore be characterized as (1) holistic and (2) as interior.

Samantala, patuloy ang pagsisikap ng ilang intelektuwal sa paggamit ng mga konseptong katutubo sa kanilang pagsusulong ng dekolonisasyon. Sa hanay ng mga intelektuwal na Ilokano halimbawa, pinursige nila sa larangan ng akademya ang pagtangan sa Nakem. Sa University of Hawii at Manoa, sinimulan nila at patuloy na isinusulong ang paglulunsad ng Nakem Conference na pumapaksa sa iba't ibang mga isyung pangwika at pangkultura ng mga Ilokano. Isa itong mahusay na halimbawa ng paggamit ng Katutubong Wika sa pagsusulong ng dekolonisasyon na tiyak magkakaroon ng magandang bunga.

Sa katunayan, mayroon na ngayong mungkahi na gamit ang esensya ng Nakem sa sistema ng edukasyon. Sa isang papel, iminungkahi ni Acido (2016) ang pagbubuo ng binansagan niyang Nakem Pedagogy. Pansinin ang sumusunod na mga pakahulugan ni Agcaoili (2012) sa salitang nakem mula sa sipi ni Acido (2016).

nakem (1) 1. A critical consciousness 2. a moral standard among Ilokanos
3. the measure of one's person 4. the core of one's being

nakem (2) 1. wisdom 2. knowledge 3. sagacity 4. mental acuity 5. intelligence
6. sagaciousness 7. braininess 8. sapience 9. perspicacity
10. sound judgement 11. reasoning

nakem (3) 1. free will 2. will 3. determination 4. a divine plan

nakem (4) 1. an idea 2. a thought 3. a reflection 4. an opinion 5. a point of view
6. a belief

nakem (5) 1. prudence 2. the quality of having a sound judgment 3. the quality
of having discretion 4. the quality of being reasonable 5. the quality

of having maturity in evaluating things 6. the quality of having discretion.

Mula sa mga pakahulugang nakalahad, ito naman ang naging pahayag ni Acido (2016, p.49):

Indeed, nakem is all of the above and more. To use our nakem, soul-consciousness, means that we summon the totality of our being, including summoning not only our personal and immediate experiences but also our ancestors' experiences—for our measure, core, wisdom, knowledge, and various qualities of our being are always rooted in our ancestral genealogy. To use nakem in our pedagogy is to bring into the process of education this “critical consciousness” that is informed by our ontology, epistemology, and cosmology.

Pansinin na mula sa kanyang pahayag, ang paggamit sa Nakem ay mahalaga upang makaugat tayo sa ating mga ninuno. Bagay ito na mahalaga sa pagbubuo ng isang tiyak at matatag na identidad.

Neo-kolonyal: Tala ng Paghulagpos: Ang Dekada '70 at Dekolonisasyon

Sa pagtukoy naman ng sikolohiyang Pilipino, sinaliksik ng mga kagaya nina Virgilio Enriquez at Zeus Salazar ang hinggil sa diwa at kamalayang Pilipino. Sa kanyang pagtalakay sa papaunlad na pagdalumat ng diwa, ganito ang tinuran ni Cayanes (2021)¹:

Lumitaw ang pagdalumat sa diwa bílang larang sa paglulunsad ng Sikolohiyang Mapagpalaya (*Liberation Psychology*) sa bansa sa kalagitnaan ng dekada sitenta. Mahalagang pangyayari ito dahil nagkaroon ng hugis at direksiyon ang pagpupunyagi sa larang ng sikolohiyang bayan. Ang “diwa” sa konteksto ng ilang pagdalumat sa kahulugan nitó sa larang ng makabayan/mapagpalayang sikolohiya, bagaman maipagpapalagay na isa lámang sa mga lunsarang disiplinang pang-akademiko, ay mananalaytay/gigitaw rin; ang kaugnay na batayang konseptong ito ng diwa (ng paghulagpos) sa larang pampanitikan at pangkasaysayan na siyáng panghahawakan ng pag-aaral sa aklat bílang pagpapayaman pa ng mananaliksik sa sarili nitóng pagtáya at aplikasyon.

¹ Para sa mas malalim na pagtalakay hinggil sa pagdalumat ng diwa, basahin ang akdang Tawid-Diwa sa Pananagisag ni Bienvenido Lumbera: Ang Bayan, Ang Manunulat at Ang Magasing Sagisag sa Imahinatibong Yugto ng Batas Militar 1975-1979 ni Cayanes (202?).

Ang artikulasyon ng sikolohiyang mapagpalaya ay naging lunsaran ng mas maigting na dekolonisasyon sa kamalayan ng mga Pilipino. Ayon sa pahayag ni Enriquez (1992, p.26):

As such, sikolohiyang Pilipino has three primary areas of protest as it argues against a psychology which fosters colonialism and its attendant characteristics among the Filipino people. First, as a sikolohiyang Malayà (“liberated psychology”), it is against a psychology which perpetuates the colonial status of the Filipino mind. **The psychology of pagbabagong-isip (“reawakening”) is seen as a step towards the decolonization of the Filipino psyche leading to the development of national consciousness.** (akin ang diin)

Mula sa huling pangungusap ng pahayag ni Enriquez, maaaring sabihin na ang dekolonisasyon din ang isa sa mga nagbunsod sa paghulagpos ng diwang mapagpalaya lalo na sa panahon ng Batas Militar noong dekada 70. Dapat tandaan na ang pagtutol laban sa rehimeng Marcos ay tinitingnan ding pagtutol sa imperyalismong US na kaalyado ni Marcos. Sa kasagsagan ng mga protesta ng dekada 70, karaniwan na lamang na binabansagan ang rehimen noon bilang rehimeng US-Marcos. Ayon pa nga kay Enriquez (1992):

...the Marcos dictatorship could be undermined since it was fully supported by the American government in pursuit of their interests to the detriment of our country.

At sa panahong ito naman ng dekada 70 lumabas ang mga manunulat-intelektuwal na kagaya ni Bienvenido Lumbera na ayon kay Cayanes (2021) ay gumamit ng pananagisag upang pailalim na tutulan ang Batas Militar. Sa kanyang pagtalakay sa konsepto ng tawid-diwa sa pananagisag ni Lumbera, ipinahayag ni Cayanes (2021) na:

Sa paglalapat na ito sa pag-aaral sa magasing Sagisag, espesipiko na ang pangulong-tudling na Pananagisag, mailulundo ito sa mulíng

pagsulpot at paggigiit (*resurgence*) upang punan ang guwang sa tunggalian at pagkiling (*bias*) sa pakikibaka ng indibidwal na manunulat/intelektuwal sa katauhan ni Bienvenido Lumbera at ng kilusang mapagpalaya, ng sambayanang Filipino sa dekada sienta at sa rurok nitó nang dekada sienta bago maudlot ito sa imposisyon ng Batas Militar.

Ang Milenyo sa Pag-imbulog mula sa Rehiyon

TalamBuhay: Ang Bayani sa Kasalukuyan ng Memoryang Postkolonyal

Isa sa mga **natatanging pangyayari sa dekolonisasyon sa Pilipinas ay ang paglitaw ng mga makabagong mandirigma ng lahi mula sa hanay ng mga katutubo**. Hindi katulad ng mga ninunong sumabak sa armadong tunggalian sa pagharap sa mga kolonisador, **ang makabagong mga bayani/mandirigma ay nakikipaglaban sa larangan ng memorya ng lahi**. Mula sa hanay ng mga baylan sa lalawigan ng Bukidnon halimbawa ay sumulpot si Adelina Tarino na mas kilala sa kanyang titulo bilang si Bae Inatlawan.

Pinamumunuan ni Bae Inatlawan ang kanilang komunidad sa Daraghuyan sa paanan ng kabundukang Kitanglad sa Malaybalay, Bukidnon. Alinsunod sa Indigenous People's Republic Act, matagumpay na pinamunuan ni Bae Inatlawan ang pag-angkin ng kanilang komunidad sa kanilang ancestral domain. Pansinin ang sumunod na sipi mula sa isang resolusyon² (2005) ng Konseho ng Matatanda ng Daraghuyan Ancestral Domain Community:

PIGLAMAHAN TA DARAGHUYAN
BARANGAY DALWANGAN, MALAYBALAY CITY, BUKIDNON

² Mula sa Ancestral Domain Claim Book ng Daraghuyan Ancestral Domain na hawak ni T.S. Sungkit Jr. na kabilang sa nasabing grupo.

RESOLUSYUN PAGDAWAT HU UNTUL HA KAGLALANG PU-UN HU TRIBU HA BUKIDNON TA DALWANGAN PAGKILALA KI BAI INATLAWAN ADELINA D. TARINO HA MASIKAMPU TA PIG-APLAYAN HA-AN TA NATIONAL COMMISSION ON INDIGENOUS PEOPLES HA PIGLAMAHAN

RESOLUSYUN NUMERU 001-2005

TA IYAN MAN, ha sa mga sakup ta piglamahan ta Daraghuyan na napunduk man para mabigulan sa kagbatasan daw makaugsul sa kagtima hu kagkautaw daw kauyangan;

TA IYAN MAN, tungkay mabis-ay duun hu kagbigul hu kagbatasan ku amin kaladu makat-un ha lama ha ku hindu da-an du-un sa tribu amin din sigudu ha gakud;

...

DARAGHUYAN ANCESTRAL DOMAIN
BARANGAY DALWANGAN, MALAYBALAY CITY, BUKIDNON

Resolusyon ng Pagtanggap ng Panukala ng mga Miyembro ng Tribong Bukidnon sa Barangay Dalwangan na Kumikilala kay Bae Inatlawan Adelina D. Tarino Bilang Punong Claimant Para sa Isinumiteng Ancestral Domain Application sa National Commission on Indigenous Peoples

Resolusyon 001 - 2005

Yayamang, ang mga miyembro ng Daraghuyan Ancestral Domain ay inorganisa para sa layuning palakasin ang kanilang kultura at paunlarin ang kanilang kalagayang sosyo-ekonomiko;

Yayamang, mahalaga sa pagpapalakas ng kultura ang pagkakaroon ng tiyak na teritoryo kung saan ang tribu ay mayroong seguridad ng paninirahan;

...
(*salin ni T.S. Sungkit Jr.*)

Kapansinpansin na **nakasulat ang orihinal na resolusyon sa Wikang Higaonon (tinatawag din ng iba na Bukidnon)**. Dapat ring bigyang-pansin na ang pangunahing **layunin ng resolusyon na “palakasin ang kanilang kultura” ay sinususugan pa ng kanilang paggamit ng wikang Higaonon sa pagsulat ng resolusyon**. At nakakatuwang isipin na halos lahat na mga dokumento ng Daraghuyan Ancestral Domain ay nakasulat (may salin din sa Ingles) sa wikang Higaonon.

Bilang isang baylan, isa si Bae Inatlawan sa mga **binansagang “wisdom keepers”** sa aklat na *The Wisdom Keepers of Mt. Kitanglad* na inilunsad ng Kitanglad Integrated NGO’s, Inc. Ayon pa sa aklat (Wisdom Keepers,n.d., p. 82) si Bae Inatlawan ay:

A no-nonsense spiritual and ever-compassionate leader, Bae Inatlawan is a famous baylan whose skills in healing, mediation and settlement of conflicts among tribes, clans and families have made her famous throughout Mindanao Island.

Dapat bigyang-pansin na **ipinagpapatuloy ni Bae Inatlawan ang tradisyon ng baylan** na minana pa niya sa kanyang ama na minana rin nito sa kanya ring ama. Kaagapay ang Katutubong Wika, ipinagtatangol ni Bae Inatlawan ang memoryang Higaonon/Bukidnon/katutubo laban sa panghihimasok ng mga ideyang pakana ng kolonyalismo. Gayundin ang kanyang pagtatanggol sa larangang espiritwal. Noong Marso 18, 2020, pinangunahan niya ang **ritwal ng panalawahig upang humiling ng proteksyon mula sa Bulalakaw laban sa pananalasa ng COVID 19** na para sa kanilang mga katutubo ay lumitaw dahil sa mga kasalanan ng tao³.

Sa larangan naman ng panitikan, kapansinpansin ang mga akda ng **makata/nobelistang Higaonon na si T.S. Sungkit Jr. na mahusay na umuugat sa kulturang Higaonon habang ginagamit ang mga wikang Higaonon, Binisaya at Filipino.** Sa kanyang introduksiyon sa aklat na *Peace Mindanao*, ganito ang pahayag ni Jaime An Lim (2013, p.8) hinggil sa panulaan ni Sungkit:

The ancient ties that bind the Higaonon to his land is a recurrent theme in the poetry of Telesforo Sungkit, Jr. The land - and everything in it, including the rocks, trees, springs, - is not just a source of livelihood. It is home, sanctuary, and

³ Basahin ang ulat na *IP rituals invoke protection vs. COVID-19* ni Mike Baños sa

<http://www.mindanaodailynews.com/news/business/corporate/ip-rituals-invoke-protection-vs-covid-19>

cathedral. In "Paghinumdom," a poem dedicated to Amay Mabalaw, Sungkit recounts the tragic fate of the Higaonon guardian of the forest. "Kay dili ka man motugot nga mamutol silag kahoy/ Ikaw gyod ang giuna nilag putol Amay ko Mabalaw." The felled tree is frequently used as a metaphor for a fallen comrade. His "Limbay" is again dedicated to yet another martyr to the cause, "Sama sa kahoy sa lasang ikaw ilang gipukan." The wily ways of the "langyaw" or Christian settler know no bounds in separating the lumad from his land. "Ug kanila nga gahi gyod kaayo mobuhi og yuta,/ Giagig minaro sa papel, giagig ilad ug hulga." If business negotiations fail, for the stubborn there is always treachery on paper, swindle or threat of violence.

Malinaw ang paninindigan ng panulaan ni Sungkit. Lalo pa itong naitampok sa kanyang tulang Higaonon A na isinalin niya sa Ingles na I Higaonon kung saan malinaw niyang tinuligsa ang iba't ibang mukha ng kolonyalismo.

Sa ibang banda naman, malalim ang pinaghuhugutan ng mga nobela ni Sungkit. **Kabilang sa kanyang mga nobela ang nobelang Filipino na Batbat Hi Udan, at ang nobelang Cebuano/Binisaya na Mga Gapnod sa Kamad-an na lumabas bilang serye sa Bisaya Magasin.** Ang salin naman sa Ingles ng Gapnod na Driftwood on Dry Land ay inilimbag ng UST Publishing House noong 2013. Sa kanyang pagbasa sa mga nobelang Batbat Hi Udan at Driftwood on Dry Land, ganito ang naging mga pahayag ni Ortega (2019):

Readers will find it refreshing that the narratives come from Sungkit, a native Higaonon, rare in this case because he has transformed oral traditions into the written form, thus pushing possibilities, pushing what Aristotle call 'entelechy' or the 'actualization of potential' and, still going the distance, actually taking the novel form as his own to serve his own ends. (p.101)

...

In Mindanao, Sungkit as a native Higaonon, has pioneered in the transformation of the realistic and mythic-romantic tales of his people into the novel form that could interest the younger generation to read about their own [ethno] history. (p.102)

Mula sa pahayag ni Ortega, mahihinuha ang kahalagahan ng mga akda ni Sungkit hindi lamang para sa **panitikan kundi para sa pagpapatatag ng katutubong**

identidad. Bilang tagapamandila ng tiyak na kultura ng tiyak na lipunang Higaonon, ang kanyang mga akda ay tumatayong halimbawa ng pag-akses muli ng memorya ng lahi. Ayon pa nga kay Bengan (2019, p.52) sa kanyang pagsusuri sa nobelang Mga Gapnod sa Kamad-an:

Gapnod is characterized by what Resil B. Mojares calls epic literature's "intimate connections with natural and human environments." The novel employs supernatural elements, but unlike most stories about Mindanao cultures written by migrant writers, Sungkit's use of the marvelous is motivated by robust principles: he writes not merely to achieve certain effects, but **to reconnect with his people's historical memory.** (akin ang diin)

Mabangis na mandirigma/bayani si Sungkit sa pagtatanggol ng memorya ng lahi. Siya ay buhay na halimbawa ng pagbabanyuhay ng baylan tungo sa pagiging bayaning manunulat-intelektuwal. Sa katunayan, si Sungkit ay nagmula sa mga angkang nagluwal ng mahabang hanay ng mga baylan at mga datu.⁴ At ang baylan na si Bae Inatlawan naman ay kanyang tiyahin.

Katutubong Wika, Pambansang Wika at Pambansang Surbaybal

Sa daloy ng Kasaysayang Filipino ang Pambansang Wika at mga wikang Katutubo sa ating Bayan ay bahagi ng ating Pambansang Surbaybal kung kaya't nananatili tayong nakatindig sa hamon ng pana-panahong bagyong sumasalanta sa ating pambansang kaakuhan o identidad subalit dahil likas sa mga Pilipino tulad ng kanyang mga pagpapahalaga o values at pananampalataya sa Maykapal ay nalalagpasan natin ang mga pagsubok na ito sa ating buhay.

⁴ Impormasyon mula sa personal na panayam kay T.S Sungkit Jr noong Hulyo 24, 2021.

Na mahalaga na ipaglaban ang ating Kalayaan, ang Kalayaan ng ating Lahi sa mga sandali ng ating Pagkamulat at Pagkatuto. **Na ang mga manunulat/intelektuwal ng Bayan ang makabagong bayani na nagsisilbing konsiyensiya o gabay at tagapangalaga ng ating kaluluwa at diwang Makabayan** sa pagtawid natin mula sa antas ng ating pulo-pulong indibidwal na pangarap tungo sa sambayanang binibigkis at pinagkakaisa ng ating tungkuling ipagtanggol ang kasarinlan at itaguyod ang Dangal ng ating Lipi.

Sa kolektibo at indibidwal nating danas lumago at napatatag ang ating Pagka-tao at Pagka-Filipino. Sa pagsasabuhay araw-araw ng mga ginintuang aral sa landas ng ating pagkamulat at paglaya humahayo ang ating pisikal na katawan at kaluluwa o diwa. Ang apat na aspekto ng ating pagkatao, ang LOOB, LABAS, LAWAK at LALIM nito ang saklaw ng ating pag-iral.

Huwag nating kalimutan na sa dekada '60 at sa pagpasok ng dekada '70 ang konteksto sa ating kasaysayan ay batbat ng pampulitika at pang-ekonomiyang krisis. Ang kasabihan na ang “Kabataan ang pag-asa ng Bayan” bilang tugon sa malawakang krisis ng bansa ay patunay na hindi salat sa bayani ang ating bayan. **At ang mga kabataang bayaning ito na namulat at naniwala sa lakas ng pambansang “Kaakuhan” at nanindigang iaangat nito ang bayan sa pagkalugmok ang siyang nagsilbing Liwanag** sa madilim na kasaysayan natin sa panahon ng Batas Militar.

Ang mga Kabataang Intelektwal na ito ang nagsulong ng Pantayong Pananaw, Sikolohiyang Pilipino at Pilipinolohiya. Sina Zeus Salazar, Virgilio Enriquez, Prospero Covar, kasama na ang Pambansang Alagad ng Sining na si Bienvenido Lumbera sa larangan ng Makabayang Kultura at mga kasama sa pagmumulat na sa pamamagitan

ng Wikang Filipino; ang pagsusulong ng malawakang paggamit nito; ang pagpapayaman nito kasama ng ating Kasaysayan at Kultura makakamit natin ang nawaglit na Dangal ng ating Lahi bunga ng ating mahabang Kolonyal na Kasaysayan at pagkalugami.

Sila na bunga ng Kolonyal na Edukasyon mulang Amerika at Europa ang pumutol sa tanikala ng mahabang kasaysayan ng ating Kolonyal na Edukasyon sa bansag na: Misedukasyon ng mga Filipino ni Renato Constantino.

Ang ganitong karanasan ay isang penomenon sa mga bansang-estado mula sa Ikatlong Daigdig o Third World. Kinakailangang lumaya tayo at palayain ang ating kalahi mula sa Kamalayan nating Alipin na bunsod ng pagiging kolonya. Ang colonial mentality na nagsasabing maganda at de kalidad ang mga bagay at kulturang Kanluranin; maging ng wikang Ingles na nagpapababa sa posisyon ng ating katutubong wika at wikang Pambansa.

Kinakailangan nating sumailalim sa proseso ng “un-learning” at re-edukasyon upang makahulagpos tayo sa tanikalang gawa natin at gawa rin ng mga dayuhang sumakop sa atin. **Kinakailangang tanggalin ang lambong ng dilim sa Kamalayan, ang anino ng “pagkaalipin” upang maging isang bansang buo at nagsasarili.** Bayang nakatatayo sa sariling paa nito at may kakayahang mag-isip para sa kanyang ikauunlad na di nadidiktahan ng ninuman. Isang bansang mulat at tunay na malaya.

Ang hakbang para dito ay nakasalalay sa ating kabayanihan at sa ating wikang nauunawaan ng lahat. Pambansang wika at katutubong wika na sisidlan ng lahat ng ating mga matatayog na pangarap at karunungan magdadala sa atin sa tugatog; maging sa kalawakan at sa sangkalupaang ugat ng Kayumangging Lahi.

Mga Sanggunian

Acido, Jeffrey Tangonan. Nakem Pedagogy: Social Biography in Liberatory Education. Educational Perspectives. Vol. 48. No. 1-2. 2016. Nakuha sa <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1143386.pdf>

Bengan, John. The Historic and the Epic: Contemporary Fiction from Mindanao. Art Archive 2. 2019. The Japan Foundation Manila. Nakuha sa <https://jfmo.org.ph/events-and-courses/art-archive-02/>

Castro, Jovita V. Pangkalahatang Panimula ng Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko ng Pilipinas, Castro et. al., eds. Quezon City: APO Production Unit, Inc. 1984.

Cayanes, Dexter B. Ang Konsepto ng Bayan sa Katutubong Imahinasyon: Pag-uugat sa mga Epikong Labaw Donggon, Sandayo, at Agyu. n.p. 2006.

_____. Tawid-Diwa sa Pananagisag ni Bienvenido Lumbera: Ang Bayan, Ang Manunulat at Ang Magasing Sagisag sa Imahinatibong Yugto ng Batas Militar 1975-1979. n.p. 2021.

de Leon, Emmanuel. Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino. Maynila: KWF. 2019.

Demetrio, Francisco R. "On Human Values in Philippine Epics." *Asian Folklore Studies*. Vol. 45, No. 2. 1986. Nakuha sa <https://asianethnology.org/downloads/ae/pdf/a584.pdf>

Enriquez, Virgilio. "Towards A Liberation Psycholog." *Mula sa Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Lungsod Quezon: UP Press. 1992.

Kuizon, Jose. "Prospects of Folkloristic Research in Eastern Bisayas". *Philippine Quarterly of Culture and Society*. Vol. 1, No.2 (1973). San Carlos Publications. Cebu City.

Lim, Jaime An. The Quest for Peace in Mindanao. In Peace Mindanao. Manila: Philippine PEN. 2013.

Lumbera, Bienvenido L. Tagalog Poetry 1570 -1998. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 1986.

Mojares, Resil B. "Where is the Center? Ideology Formation and the Constitution of a Rural Cebuano Community." *Philippine Quarterly of Culture & Society*. Vol. 28, No. 1. 2000. San Carlos Publications. Cebu City.

NCCA PCEP. BANNA ng Ullalim ng Kalinga. 2017. Nakuha sa <https://philippineculturaleducation.com.ph/wp-content/uploads/2017/11/bayananing-bayan-banna-ng-ullalim.pdf>

_____. HANDIONG, BALTOG at ORIOL ng Ibalon ng Bicol. 2017. Nakuha sa <https://philippineculturaleducation.com.ph/wp-content/uploads/2017/11/bayananing-bayan-handiong-baltog-at-oriol.pdf>

_____. HUMADAPNON at DUMALAPDAP ng Hinilawod ng Sulod ng Panay. 2017. Nakuha sa <https://philippineculturaleducation.com.ph/wp-content/uploads/2017/11/bayananing-bayan-humadapnon-dumalapdap.pdf>

_____. TUWAANG ng mga Manobo. 2017. Nakuha sa <https://philippineculturaleducation.com.ph/wp-content/uploads/2017/09/bayananing-bayan-tuwaang-ng-mga-manobo-new.pdf>

Ortega, Christine Godinez. "Myth as Lived Experience in the Higaunon Novels by Telesforo Sungkit." *Kinaadman*. Vol. XLI. 2019. Xavier University. Cagayan de Oro City.

Panganiban, J. V. *Diksiyunaryo-Tesaurus: Pilipino-Ingles*. Lungsod Quezon: Manlapaz Publishing Co. 1972.

Quito, Emerita. "Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino." *MALAY*. De La Salle University, *Journal of Humanities and Social Sciences*, Vol. 4 No.1-2, May-November: Philippines. 1985.

_____. "Wikang Pambansa at Edukasyon." *Malay*. Vol. 6. No.2. 1987. DLSU Press. Manila.

Rafael, Vicente I. *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society Under Early Spanish Rule*. Durham and London: Duke University Press. 2005.

Salazar, Zeus. "Ang Kamalayan at Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya." *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*, ed. Rogelia Pe-pua. Lungsod Quezon: UP Press. 1989.

_____. "Mga Batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan." *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit* ni Rogelia Pe-pua. Lungsod Quezon: UP Press. 1989.

Wrigglesworth, Hazel J. Manobo Storytelling as Approximation to Drama. *Philippine Quarterly of Culture & Society*. Vol.12, No.3.1984.San Carlos Publications. Cebu City.